




**Rosas sa Pampang, Bayan sa Dagat: Eko-salin ng mga Piling Tulang Arkipelahiko ni José Martí mula sa *Versos Libres* (1913)**

*A Rose on the Shore, a Nation at Sea:  
An Eco-Translation of Selected Archipelagic  
Poems by José Martí from Versos Libres (1913)*

Jose Monfred C. Sy 

Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas  
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Department of Comparative Literature, the University of Hong Kong  
[jose\\_monfred.sy@up.edu.ph](mailto:jose_monfred.sy@up.edu.ph)

[Submit to this journal](#) 

[Other related articles](#) 

Announcements

[Other PUP Journals](#) 

Other citation formats:

DOI: <https://doi.org/10.70922/xpmfjk39>

**Article History:**

Received: February 13, 2025

Accepted: June 23, 2025

Revised: June 6, 2025

**How to Cite this paper:**

Sy, Jose Monfred C. "Rosas sa Pampang, Bayan sa Dagat: Eko-salin ng mga Piling Tulang Arkipelahiko ni José Martí mula sa *Versos Libres* (1913)." *Mabini Review* 15, no. 2 (2025): 41-66. <https://doi.org/10.70922/xpmfjk39>

Please contact the publisher for any further use of this work at  
[mabinireview@pup.edu.ph](mailto:mabinireview@pup.edu.ph).

Rosas sa Pampang, Bayan sa Dagat: Eko-salin ng mga Piling  
Tulang Arkipelahiko ni José Martí mula sa *Versos Libres*  
(1913)

*A Rose on the Shore, a Nation at Sea: An Eco-Translation  
of Selected Archipelagic Poems by José Martí  
from Versos Libres (1913)*

Jose Monfred C. Sy 

Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

[jose\\_monfred.sy@up.edu.ph](mailto:jose_monfred.sy@up.edu.ph)

### Abstrak

Sinusuri at isinasalin ng papel na ito ang limang tulang arkipelahiko ni José Martí gamit ang mga lapit ng di-tuwirang pagsasalin at eko-pagsasalin. Sa pamamagitan ng mga piling akda mula sa koleksiyong *Versos Libres* (1913), inilulugar ang panulaan ni Martí sa interkolonyal na ugnayan ng Cuba at Pilipinas, dalawang bansang kapwa dumaan sa karanasang kolonyal at may matibay na tradisyon ng anti-imperyalistang pakikibaka. Bilang makata at rebolusyonaryo, malaki ang naging papel ni Martí sa pagpapalaya ng Cuba mula sa imperyong Espanyol. Napili at isinalin ang kaniyang mga tulang “Midnight” (“Hatinggabi”), “Famous Island” (“Tanyag na Isla”), “Like Palm Trees Born in the Sand” (“Tulad ng mga Palmang Sumibol sa Buhangin”), “I Hate the Sea” (“Namumuhi Ako sa Dagat”), at “Sad Sunday” (“Malungkot na Linggo”). Hindi lamang naglalaman ng mga imaheng pandagat at pangkapuluan ang mga obrang ito kundi nagbubukas din ng alternatibong pag-unawa sa mga ugnayan ng tao, iba pang buhay na nilalang, at daigdig. Pinanatili sa mga saling-tula ang yaman ng tekstura ng wikang Filipino, lalo na ang daloy at pahiwatig ng mga tula. Higit pa rito, sa diwa ng eko-pagsasalin, lumilitaw ang masalimuot na relasyon ng mga persona ng tula sa kanilang ekolohikal at panlipunang kapaligiran, kung saan ang kalikasan ay hindi lamang tagpuan kundi aktibong bahagi ng diskursong antikolonyal. Itinataguyod din ng papel ang potensiyal ng arkipelahikong pagsasalin bilang paglalayag sa gitna ng marami, magkakaiba, ngunit magkakaugnay na mga wika.

Mga susing salita: *arkipelago, eko-pagsasalin, di-tuwirang pagsasalin, José Martí, ugnayang pampanitikan ng Cuba at Pilipinas*

## *Abstract*

*This paper examines and translates five archipelagic poems by José Martí using the approaches of indirect translation and eco-translation. Through selected works from the collection *Versos Libres* (1913), Martí's poetry is situated within the intercolonial relations between Cuba and the Philippines—two nations that underwent similar colonial experiences and share a strong tradition of anti-imperialist struggle. As a poet and revolutionary, Martí played a crucial role in Cuba's liberation from the Spanish Empire. The selected and translated poems *tulang* "Midnight" ("Hatinggabi"), "Famous Island" ("Tanyag na Isla"), "Like Palm Trees Born in the Sand" ("Tulad ng mga Palmang Sumibol sa Buhangin"), "I Hate the Sea" ("Namumuhi Ako sa Dagat"), at "Sad Sunday" ("Malungkot na Linggo"). These works not only contain maritime and archipelagic imagery but also open alternative ways of understanding the relationships between humans, other living beings, and the world. The translated poems preserve the richness of the Filipino language's texture, particularly the flow and nuances of the poems. Furthermore, in the spirit of eco-translation, the complex relationship between the poems' personae and their ecological and social environments emerges, where nature is not merely a backdrop but an active participant in the anti-colonial discourse. This paper also advocates for the potential of archipelagic translation as a form of navigation across multiple, diverse, yet interconnected languages.*

*Keywords: archipelago, eco-translation, indirect translation, José Martí, literary relations between Cuba and the Philippines*

## Si Jose Martí para sa mambabasang Pilipino

Bukod sa kanilang katangiang arkipelahiko at pantropikong klima, mahihiwatigan din ang mahigpit na ugnayan ng Cuba at Pilipinas sa kanilang mga tradisyong pampanitikan na hinubog ng magkawangis na karanasang kolonyal sa ilalim ng Espanya at Estados Unidos. Higit pa rito, parehas na may mahabang kasaysayan ng pakikibakang antiimperyalista ang mga bayang ito.<sup>1</sup> Binigyang-pansin na ng mga kritiko na parehong tumula sina Francisco Balagtas (1788 – 1862) at José Maria Heredia (1813 – 1839) sa diwang neoklasikal at romantisista noong maagang ika-19 dantaon,<sup>2</sup> at na umabot sa pamamagitan ng pagsasalin ang mga tula ng rebolusyonaryong si Nicolas Guillen sa mga aktibistang Pilipino noong kasagsagan ng Sigwa ng Unang Sangkapat, isang

---

1 Marvin M. Lobos, "Mga Saysay ng Nalalabing Tagulaylay sa Malayo: Salin ng mga Piling Tula mula sa Carribean at Latina Amerika," *Mabini Review* 12, blg. 1 (2023): 237.

2 Maria Luisa F. Torres, "The Philippine-Cuban Literary Relations," *Kultura: A Quarterly Forum for Artist, Critic and Audience* 2, blg. 3 (1989), 24.

serye ng mga protesta laban sa diktadura ni Ferdinand Marcos Sr.<sup>3</sup> Sa mga ugnayang natukoy ng mga iskolar, pinakamatingkad na marahil ang kina José Rizal (1861 – 1896) at José Martí (1853 – 1895).

Kung matatawag na “invisible twin” ng Pilipinas ang Cuba,<sup>4</sup> tila magkakambal sina Rizal at Martí kung titingnan ang mga pagkakahalintulad ng kanilang buhay at mga akda.<sup>5</sup> Bagaman nagmula sa magkaibang lahi at kultura ang dalawang manunulat, pareho silang nagkaroon ng pagkakataong manirahan sa Espanya noong kanilang kabataan at nag-aral pa sa parehong unibersidad, ang Universidad Central de Madrid. Masasabing, para sa kanila, may mahalagang papel ang panitikan sa pagbubuo ng pambansang pagkakakilanlan laban sa kapangyarihang kolonyal.<sup>6</sup> Sa kanilang panulat, nakinita nila hindi lang ang paggunaw ng paghaharing kolonyal kundi pati ang anino ng modernong imperyalismo sa kanilang mga bayan.<sup>7</sup> Gayunpaman, may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pananaw hinggil sa kalayaan. Matatag ang paninindigan ni Martí bilang isang *independentista*, na hindi kailanman tinanggap ang awtonomiya o asimilasyon bilang kapalit ng ganap na kalayaan ng Cuba. Samantala, mas kumiling si Rizal sa pangangailangang ipatupad ang mga repormang panlipunan at pampolitika kaysa sa agarang paghihiwalay mula sa Imperyong Espanyol.<sup>8</sup> Pareho silang namatay bilang mga pambansang martir: pinangunahan ni Martí ang isang puwersang ekspedisyonarya sa 1895 rebolusyon sa Cuba kung saan siya namatay, at binaril naman si Rizal sa Bagumbayan buhat ng kaniyang impluwensiya sa rebolusyong 1896 laban sa mga Espanyol.<sup>9</sup>

Hindi magtutuon ng atensyon ang saliksik-salin na ito sa iba pang halintulad sa buhay nina Rizal at Martí. Gayunman, mainam na maipalagay kung paanong makabuluhan ang pagbabasa sa mga akda ni Martí sa Pilipinas.

---

3 Jonathan Vergara Geronimo, “Pang-agkin sa Politika at Poetika ng Piling Tula ni Nicolas Guillen sa Karanasang Pilipino: Isang Pagsasalang Ideolohiko,” *Malay* 28, blg. 2 (2016): 14-16; Lobos, “Mga Saysay,” 239.

4 John D. Blanco, “Bastards of the Unfinished Revolution: Bolívar’s Ismael and Rizal’s Martí at the Turn of the Century,” *Radical History Review* 89, blg. 4 (2004): 97.

5 Matibag, Eugenio. 1995. “*El verbo del filibusterismo: Narrative Ruses in the Novels of José Rizal.*” *Revista Hispánica Moderna* 48 (2).

6 Koichi Hagimoto, *Between Empires: Martí, Rizal and the Intercolonial Alliance* (Palgrave Macmillan, 2013), 2.

7 Blanco, “Bastards.”

8 Hagimoto, *Between Empires*; Montero, *José Martí*.

9 Blanco, “Bastards.”

Imbitasyon ito sa mambabasang Pilipino na bumaling ng pansin sa mga sulatin ni Martí bilang batis ng pag-unawa hindi lang sa mga interseksyon ng kasaysayan ng Cuba at Pilipinas kundi pati na rin sa mas malawak na konteksto ng imperyalismong Espanyol at ang mga iniwan nitong bakas sa Amerika Latina at Asya.

Bilang ambag sa layuning ito, pakay ng kasalukuyang papel na magsalin ng ilang piling tula ni Martí. Wika nga ng Filipinistang si Marvin Lobos, “bagaman ilang milya ang layo ng mga bayan, naitatawid ng panitikan at pagsasalin, tulad ng paglalayag sa karagatan, ang karanasan ng Carribean, at Latina Amerika sa Pilipinas bilang matibay na ugnayang pampakikibaka.”<sup>10</sup> Interesante sa kaniyang pagpapalagay sa ugnayang Amerika Latina-Pilipinas ang talinghaga ng “paglalayag sa karagatan.” Sinasagisag nito ang arkipelahikong katangian hindi lang ng mga bansang Cuba at Pilipinas, kundi pati na rin ng pagsasalin bilang muwestra ng mobilidad. Paliwanag nga ng tagasaling si Brian Russell Roberts,<sup>11</sup>

the act of translation, as conceived of via some of its most foundational and structuring metaphors, depends on and locates itself within an archipelagic grammar, a grammar that corresponds to an archipelagic mode of thought that has—from ancient times to the present—taken relationalities among islands, oceans, seas, island chains, coasts, bays, etc. as objects, subjects, and templates for thinking, acting, and being in the world.

Sa talinghaga ng paglalayag sa pagitan ng mga islang bumubuo ng arkipelago, maituturing ang pagsasalin hindi bilang “tulay” sa pagitan ng mga wika at kultura tulad ng matagal nang pinanghahawakan. Bagkus, pagbagtas ito ng mga tagasalin—at mambabasa—sa mga “dagat” na matagal nang nag-uugnay sa pagitan ng mga (islang) bayan.

Naging tulak ang mga talinghaga ng arkipelago at paglalayag sa karagatan sa pagpili ko ng mga tula ni Martí na isasalin ko sa wikang Filipino. Naniniwala akong napakarami niyang naisulat na mahalagang makaabot sa mga Pilipinong mambabasa. Gayunman, pinili para sa proyektong ito ang limang tulang may malinaw na katangiang arkipelahiko ayon sa pagdadalumat ng Karibong pilosopo na si Édouard Glissant. Hindi lang inilalarawan sa mga tulang ito ang isla, dagat, barko, at pantropikong ekosistema. Dahil nilalaman ng mga napiling tula ang mga personang nasa destiyero, nagbubukas ang mga ito ng

---

10 Lobos, “Mga Saysay,” 236.

11 Brian Russell Roberts, “Archipelagic Translation: Mobility amid Every Language in the World,” *Journal of Transnational American Studies* 14, blg. 1 (2023): 112, <https://doi.org/10.5070/T814160728>.

alternatibong kaunawaan sa pagkakapook, isang “new and original dimension allowing each person to be there and elsewhere, rooted and open.”<sup>12</sup> Kabilang sa mga napili ang “Midnight” (“Hatinggabi”), “Famous Island” (“Tanyag na Isla”), “Like Palm Trees Born in the Sand” (“Tulad ng mga Palmang Sumibol sa Buhangin”), “I Hate the Sea” (“Namumuhi Ako sa Dagat”), at “Sad Sunday” (“Malungkot na Linggo”). Tinipon ang limang ito sa koleksiyong *Versos Libres* (*Malalayang Taludturan*, 1913) na nailathala 18 taon makalipas ang pagkamatay ni Martí. Ginagamit ko namang primaryang batayan ang salin sa Ingles ni Keith Ellis, isang Jamaicanong iskolar na nag-aral sa Cuba.

Upang maisalin ang limang tula, pinagtatambal ko ang mga prinsipyo ng di-tuwirang pagsasalin at eko-pagsasalin. Di-tuwiran ang mga akdang-salin ko dahil nakabatay ang mga ito sa salin sa Ingles. Masasabi namang eko-pagsasalin ang proyekto sapagkat hitik sa imaheng ekolohikal ang mga napiling tulang arkipelahiko. Ipinapaliwanag ko sa mga sumunod na seksiyon ang dalawang naturang lapit, at ang sarili kong proseso ng pagsasalin sa tulong ng mga metodong matagal nang iminungkahi nina Jean-Paul Vinay at Jean Darbelnet.

### Jose Martí: Makata, rebolusyonaryo, manlalayag

Bilang isang makata at politiko, malaki ang naging kontribusyon ni José Martí sa panitikan at kaisipang pampolitika ng Amerika Latina. Ipinanganak si José Martí noong Enero 28, 1853, sa Havana, Cuba. Sa murang edad, naipamalas na niya ang kaniyang interes sa panitikan at talento sa malikhaing pagsulat. Nag-aral siya sa Havana at nakapaglathala ng ilang tula sa edad na 15. Sa edad na 16, itinatag niya ang pahayagang *La Patria Libre* (*Ang Malayang Amaing Bayan*). Noong 1868, sinuportahan niya ang rebolusyonaryong pag-aalsa sa Cuba na naging dahilan upang siya ay mahatulan ng anim na buwang sapilitang pagtatrabaho. Noong 1871, ipinatapon siya sa Espanya, kung saan niya ipinagpatuloy ang kaniyang edukasyon at pagsusulat. Matapos nito, nanirahan at nagtrabaho siya sa Pransiya, Mexico, at Guatemala bilang guro at manunulat bago bumalik sa Cuba noong 1878.<sup>13</sup>

Noong 1879, ipinatapon siyang muli mula sa Cuba patungong Espanya dahil sa kaniyang mga aktibidad na pampolitika. Mula roon, nagtungo siya sa Pransiya, New York, at Venezuela, kung saan itinatag niya ang *Revista Venezolana* (*Rebyung Venezuelano*). Dahil sa kaniyang mga kritikal na pananaw, napilitang bumalik si Martí sa New York noong 1881, kung saan siya nanatili hanggang sa

---

12 Édouard Glissant, *Poetics of Relation*, trans. Betsy Wing (University of Michigan Press, 2010), 33.

13 Jon Sterngass, *José Martí* (New York: Chelsea House Publishers, 2007).

kaniyang kamatayan, maliban sa ilang paglalakbay.<sup>14</sup> Kinalaunan, noong 1892, nahalal siyang delegado ng Partido Revolucionario Cubano (Rebolusyong Partido ng Cuba). Ginawa niyang himpilan ng operasyon ang Lungsod New York at nagsimulang magbalangkas ng plano para sa pagsalakay sa Cuba. Noong Enero 31, 1895, umalis siya ng New York patungong Santo Domingo kasama si Máximo Gómez at iba pang rebolusyongyong. Doon, namatay siya sa labanan noong Mayo 19, 1895, sa kapatagan ng Dos Ríos, pitong taon bago tuluyang makamit ng Cuba ang kalayaan.<sup>15</sup> Hindi matatawaran ang pigurasyon ng mga isla at dagat sa kaniyang buhay. Bukod sa pagkadehiyero sa lupaing malayo sa arkipelagong kinagisnan niya, naglayag din siya sa dagat patungo sa pasinaya ng rebolusyong Cubano.

Marubdob na naniwala si Martí na ang soberanya ng isang bayan ang makapagbibigay ng karapatan sa kaniyang mamamayan, ngunit hindi siya sumasang-ayon sa mapanlinlang na nasyonalismo ng mga demagogo. Sa muwestrang internasyunalista, pinanghawakan niya na dapat tanganan ng bawat bansa ang mga prinsipyo ng pandaigdigang pagkakaisa.<sup>16</sup> Dinadakila si Martí hanggang sa kasalukuyan; pagpapalagay nga ng manunulat na si Oscar Montero, “generations of Cuban school children have learned the story of Martí’s self-sacrificing life and heroic death.”<sup>17</sup>

Bilang isang makata at manunulat, kilala siya para sa kaniyang personal na prosa at tapat ngunit mapanlikhang mga tula na nangarap para sa isang malaya at nagkakaisang Amerika Latina. Nilalaman ng kaniyang *Versos Libres* ang mga tulang isinulat sa pagitan ng 1878 at 1882.<sup>18</sup> Sa mga akdang ito, ipinamalas ni Martí ang isang masalimuot na pananaw-daigdig kung saan pinaghhuhugpong niya ang kaniyang estetika at etika sa pagsipat sa iba’t ibang isyung panlipunan. Halimbawa, sa kabila ng kaniyang paniniwala sa espirituwal na karanasan (na mababanaag sa ilan sa mga napiling tula), tinutulan niya ang Katolisismo bilang isang institusyon, isang pananaw na naaayon sa mga liberal na ideyang nangingibabaw sa pamumuno ni Sebastián Lerdo de Tejada, na kaniyang ipinagtanggol. Sa kaniyang mga sinulat, matutunghayan ang isang

---

14 Oscar Montero, *José Martí: An Introduction* (Palgrave Macmillan, 2004).

15 Paul F. Braun, “Found at Sea: José Martí’s 11-Day Odyssey and Cuba’s War of Independence,” *The Historian* 74, blg. 3 (2012), <https://www.jstor.org/stable/24455912>; Montero, *José Martí*; Sterngass, *José Martí*.

16 Hagimoto, *Between Empires*; Sterngass, *José Martí*

17 Montero, *José Martí*, 9.

18 Braun, “Found at Sea,” 496.

di-pangkaraniwang pagsasama ng magkakasalungat na perspektiba na tinatawag ni John A. Skirius na “youthful romanticism.”<sup>19</sup>

## Di-tuwirang eko-pagsasalin

Tulad ng nabanggit na, ipinagsasama ko ang mga prinsipyo ng di-tuwirang pagsasalin at eko-pagsasalin sa aking proyektong-salin. Masalimuot ang pagsasalin ng mga tula: “Sa pagsulat ng tula at maging sa proseso ng pagsasalin, kapwa taglay nito ang gawain ng masinop at mabisang pagsasanib ng estetika at diwa upang makapaghugis ng kahulugan.”<sup>20</sup> Gumagamit ng natatanging wika ang tula, at nagbubukas ito ng natatangi ring hamon sa tagasalin na kailangang makagawa ng katumbas na teksto mula sa simulaang lengguwahe (SL) patungo sa tunguhang lengguwahe (TL). Ayon sa makatang si Romulo P. Baquiran<sup>21</sup> hinggil sa praktika ng pagsasalin ng mga tulang migrante, lumalahok ang tagasalin “sa dalawang karanasan sa migrasyon”: ang pagbasa sa aktuwal na migranteng tula at ang paraan ng pagtatawid ng paksang ito patungo sa panibagong wika.” Tinataya kong mangingibabaw ang parehong palagay sa pagsasalin ng mga tulang arkipelahiko kung saan sentral ang mobilidad sa pagitan ng mga isla.

Bilang tagasalin, hindi ako maglalayag mula sa mga pampang ng Cuba. Bagkus, pinagbabatayan ko ang mga tulang isinalin mula sa wikang Espanyol patungong Ingles sa bayang dati na ring pinaglagian ni Martí. Kunsagayon, isang di-tuwirang pagsasalin ang proyektong ito—kumbaga, pagsasalin ng mga salin.<sup>22</sup> Tinatawag din itong “relay,” “second-hand,” o “pivot,” ngunit kadalasan itong tinutukoy bilang “indirect” o “di-tuwiran.” Laganap ang pangungutya sa di-tuwirang salin bilang “mababang” reproduksiyon ng salin ng iba. Nakikita ito bilang isang hakbang papalayo sa “orihinal” na teksto at lengguwahe. Kinakailangang pasinungalingan ang mga hakang ito sapagkat, sa puno’t dulo,

---

19 John A. Skirius, “José Martí’s Youthful Romanticism (1875–1876),” *Mester* 7, blg. 1 (1978): 53.

20 Geronimo, “Pang-agkin sa Politika,” 13.

21 Romulo P. Baquiran, “Migrasyon at Pagsasalin: Pagsasa-Ingles ng Apat na Tulang Migrante sa Filipino,” sa *Introduksiyon sa Pagsasalin: Mga Panimulang Babasahin Hinggil sa Teorya at Praktika ng Pagsasalin*, pat. Virgilio S. Almario (Komisyon sa Wikang Filipino, 2015), 203.

22 Alexandra Assis Rosa, Hanna Piñta, at Rita Bueno Maia, “Theoretical, Methodological and Terminological Issues Regarding Indirect Translation: An Overview,” *Translation Studies* 10, blg. 2 (2017): 115, <https://doi.org/10.1080/14781700.2017.1285247>.



hindi maaaring ituring na magkapareho ang akda sa SL at ang salin sa TL.<sup>23</sup> Hindi isinasaalang-alang ng problematikong pananaw na magkatumbas ang orihinal at salin ang katotohanan (o ang “kabalintunaan” pa nga) na ang salin ay orihinal.<sup>24</sup> Kunsagayon, ang di-tuwirang salin ay panibagong iterasyon ng isa pang orihinal.<sup>25</sup> Magkaiba ngunit magkaugnay ang pinagmulan at mga tunguhan nito, kaya’t sabay-sabay na umiiral at mababasa ang mga tuwiran at di-tuwirang salin, lalo na sa kaso ng mga sagrado, sinauna, at teknikal na akda. Dagdag pa, ang di-tuwirang pagsasalin ay “collaborative in nature”<sup>26</sup>: sa aking palagay, nilalahok nito ang tatlo o higit pang wika sa paggalugad ng mga espasyong matagal nang nag-uugnay sa mga tekstong tila pinaghihiwalay ng wika.

Mayroon ding sipat ang mga eko-tagasalin sa kalikasan ng pagsasalin at ugnayan nito sa wika, panitikan, at daigdig. Itinuturing ng kritikong si Claudette M. Ulit ang lapit na ito bilang “translational action” kung saan sinisikap ng tunguhing teksto na “tutulan, ayusin o isulong ang ekolohikal na tindig ng simulaang teksto.”<sup>27</sup> Dagdag pa, at tulad ng aking sinasabi sa nauna kong proyektong-salin, “sinasaklaw ng eko-pagsasalinang malawak na lawas ng kaisipan at praktika ng pagsasalin na kumikilala, pumupuna, at tumutugon sa ekolohikal na krisis ng kasalukuyan na dulot ng tao.”<sup>28</sup> Ibig sabihin, ginagabayan ng kamalayang politiko-ekolohikal ang eko-tagasalin upang makapagluwal ng mga akdang nagsisiwalat ng mga isyung sosyo-ekolohikal at nagsasakonteksto ng mga ito sa mas malawak na lambat ng kapangyarihan. Hindi lang ito isang proseso ng interpretasyon kundi isa ring anyo ng “psycho-physiological involvement” kung saan malay ang tagasalin sa krisis ng daigdig na tinitirhan at nilalahukan niya.<sup>29</sup>

---

23 Kelly Washbourne, “Nonlinear Narratives: Paths of Indirect and Relay Translation,” *Meta: Translators’ Journal* 58, blg. 3 (2013).

24 Michael M. Coroza, “‘Taksil daw ang Tagasalin?’ Isang Pag-unawa sa Pagsasalin bilang Disiplina,” *Katipunan*, “Filipino Bilang Disiplina,” blg. 1 (2016): 10.

25 Washbourne, “Nonlinear Narratives.”

26 Rosa, Pięta, at Rita Bueno Maia, “Theoretical, Methodological,” 127.

27 Claudette M. Ulit, “Ang Posibilidad at Hanggahan ng Ekosalin: Isang Pagbabalangkas at Paglalapat ng Nababagong Teorya sa Larangan ng Pagsasalin,” *Daluyan* 29, blg. 2 (2023): 125.

28 Jose Monfred Sy, “‘Ang Bahaging Ginampanan ng Paggawa sa Transisyon mula Unggoy patungong Tao’ (1876) ni Friedrich Engels: Isang Di-tuwirang Eko-salin,” *SALIN Journal* 2, blg. 1 (2023): 65.

29 Clive Scott, “Translating the Nineteenth Century: A Poetics of Eco-translation,” *Dix-Neuf* 19, blg. 3 (2015): 285, <https://doi.org/10.1179/1478731815Z.00000000083>.

Sa ganitong diwa, maaaring sabihing ang pagsasalin ay proseso ng patuloy na pag-angkop at pagpili ng mga tekstong susuhayan o kukuwestiyunin sa loob ng likas na kapaligiran.<sup>30</sup> Kunsabagay, posible lamang ang pag-iral ng mga wika sa tiyak na kaayusang ekolohiko at mga natural na siklong nagbibigay-daan sa pananalita. Maibabalangkas ang wika sa lapit na ito sa tatlong paraan:

as that through which the environment expresses itself and through which we conduct an interlocutory synergy; as itself an ecology, an environmental medium, in which we achieve new forms of perceptual consciousness and experience; and as a constituent of environment with whose other constituents it symbiotically and fruitfully interacts.<sup>31</sup>

Binibigyang-diin nito na ang pagbabasa at pagsasalin ay lumilikha ng panibagong ekolohiya (o bumubuhay ng yumao na) mula sa mismong materyal ng teksto. Kaya naman binibigyan ng espesyal na tuon ng eko-tagasalin ang mga bionym bilang muwestra ng pangangalaga hindi lang sa mga buhay na nilalang kundi pati sa mga wikang may iba't ibang ngalan sa mga nilalang na ito.

Sa aking palagay, malilinigang pa lalo ng pagtatambal ng di-tuwirang pagsasalin at eko-pagsasalin ang panukala ni Roberts na pagsasaling arkipelahiko. Kapwang nakatuon ang mga ito sa pangangapa at pagmamapa ng mga intermedyaryong espasyo sa pagitan ng mga wika, kultura, bayan, at ang daigdig. Nasa kaibuturan ng di-tuwirang eko-pagsasalin ang osmotikong katangian ng materyal na pag-iral sa daigdig; humahalaw, nakasalalay, at umuugnay ang lahat sa isa't isa. Kung gagamiting muli ang talinghaga ng arkipelago, masasabing isang paglalayag ang pinaghugpong na lapit sa mga dagat na nag-uugnay sa magkakahiwalay na isla.

### Pagsasalin ng mga tulang arkipelahiko ni Martí

Upang maisagawa ang di-tuwirang eko-pagsasalin ng mga piling tulang arkipelahiko ni Martí, humahalaw ako ng mga teknik mula sa mga iminumungkahi nina Vinay at Darbelnet sa kanilang *Comparative Stylistics of French and English: A Methodology for Translation*, isang muhong pananaliksik sa aralin sa pagsasalin.<sup>32</sup> Mula sa pitong metodong iminumungkahi ng dalawa, higit na nagamit ang lima:

---

30 Wang Jun, "Translator's Subjectivity in Eco-Translatology," *Journal of Critical Studies in Language and Literature* 1, blg. 3 (2020): 16, <https://doi.org/10.46809/jcsll.v1i3.24>.

31 Scott, "Translating the Nineteenth," 286.

32 Jean-Paul Vinay at Jean Darbelnet, *Comparative Stylistics of French and English: A Methodology for Translation*, trans. Juan C. Sager and M.-J. Hamel (Amsterdam: John Benjamins B.V., 1995), 30-41.

“literal na salin” (“literal translation,” ang tuwirang paglalapat ng tekstong SL sa tekstong TL na naaayon sa grammar at idiyoma); “saling-angkat” (“borrowing,” paggamit sa tekstong TL ng salitang mula sa tekstong SL upang mapunan ang puwang sa wika); “transposisyon” (“transposition,” pagpapalit ng gramatikal na istruktura ng tekstong SL); “modulasyon” (“modulation,” baryasyon ng punto-de-bista o digri ng tekstong SL); at salitang-tapat” (“equivalence,” paghahanap ng salitang taal bilang katumbas ng salita mula sa SL).

Sa pangkalahatan, nagamit nang husto ang literal na pamamaraan sa pagsasalin. Kung tutuusin, hindi naman maiiwasan ito kung may malinaw at nauunawaang tumbas sa TL ang mga salita sa tekstong SL. Kabilang din sa listahan nina Vinay at Darbelnet ngunit hindi nagamit sa sariling proseso ng pagsasalin ang “saling-hiram” (“calque,” isang anyo ng panghihiram kung saan inaangkop ang bawat elemento ng isinasaling salita o parirala mula sa tekstong SL) at “pag-aangkop” (“adaptation,” ang paghahanap ng kahalili sa kultura ng TL bilang katumbas ng salita o pariralang natatangi sa kultura ng SL). Gayunman, hindi nagamit ang calque at pag-aangkop sa proyektong ito. Sa mga sumusunod na talata, ipinapaliwanag ko ang mga ginamit na teknik sa bawat tula.

Agad na mababatid sa tulang “Hatinggabi” (“Media Noche” sa Espanyol, “Midnight” sa saling Ingles) ang pagkamangha ng persona sa iba’t ibang nilalang at natural na siklo tulad ng mga supling na “nag-iipon ng buhay” sa loob ng “mga tiyan ng ibon at hayop,” at “luntiang uod na kung saan ang dahon ng puno ay nagbabanyuhay.” Malinaw na nakaangkla ang kaniyang pagkamangha—isang gesturang romantisista—hindi lang sa mismong mga elemento ng kaliksan kundi lalo na sa mga siklong nilalahukan nila. Inilalantad sa pahimakas ng tula na bilanggo pala ang persona at kinaiingitan niya iniwan niyang kasamahan na patuloy na nakikidigma—kaipala’y lumalaban sa mga mananakop ng kanilang bayan. Nag-angkat ang saling-tulang ito ng salitang “vigilante” dahil nagagamit naman na ito sa wikang Filipino. Nagsagawa naman ako ng transposisyon sa ilang taludtod upang maaprosima ang parehong haba sa tekstong SL at matiyak na nauunawaan ang mga ito. Halimbawa, isinalin ang “in the bellies / of birds and beasts new offspring / are coming to life, which is form” patungong “sa mga tiyan / ng ibon at hayop nag-iipon ng buhay, / na isang anyo, ang mga supling.” Sa mga taludtod na ito, mahihimigan din ang modulasyong isinagawa ko; isinalin ang “coming to life” bilang “nag-iipon ng buhay” upang mailarawan ang pagkakaroon ng buhay bilang proseso ng akumulasyon. Nakapaghanap din ng ilang salitang-tapat para sa maraming ekspresyon sa tula, tulad ng “nakahihiya” para sa “what a shame,” “Diyos ko” para sa “I swear to God” (na isa ring modulasyon), “haligi” para sa “column,” “pilyo” para sa “rascal” at marami pang iba. Tampok din sa saling-tula ang salitang “banyuhay,” isang biolihiikal na konsepto ng transisyon sa mga hayop, bilang tumbas sa “converted.”

Paris ng “Hatinggabi,” nanlulumo ang persona ng “Tanyag na Isla” (“Isla Famosa” sa Espanyol, “Famous Island” sa saling Ingles). Kung isasaalang-alang ang pamagat sa pagbasa ng unang taludtod ng tula, mapagtatanto na bilanggo rin ang persona sa “Tanyag na Isla” at nananatiling piping-saksi sa pag-ikot ng mundo. Kinakausap niya ang “Kalikasan,” tinatanong kung para saan pa ang buhay ng isang nangungulila at uhaw sa pag-ibig. Sa saling-tulang ito, sumalalay ako sa transposisyon sapagkat komplikadong ang istruktura ng marami sa mga taludtod. Isinalin, halimbawa, ang “Where, Christ without a cross, do you place your eyes” patungong “Kristong walang krus, saan mo ilalagay ang iyong mga mata,” at “Birds of ill omen stained in bile, / Birds of death, spring from their lips” patungong “uusbong mula sa kanilang mga labi ang mga balatiti / na may bahid ng apdo, mga ibon ng kamatayan.” Sa yaong paglalapat, lalong madulas ang daloy ng taludtod kung ikukumpara sa literal na salin ng mga naturan. Mapapansin din ang paggamit ko ng “balatiti” bilang katumbas ng “birds of ill omen.” Tumutukoy ang pangalang ito sa mitolohikal na ibong Tagalog na nagdadala ng maganda o masamang pangitain o mga pangyayari sa hinaharap. Kadalasan itong inilalarawan bilang Philippine fairy-bluebird (*Irena cyanogastra*), isang endemikong species na matatagpuan sa iba’t ibang bahagi ng Luzon, na tinatawag ding balatiti o kaya’y “tigmamanukan.” Pinili ko ang “balatiti” sa kumpas ng eko-pagsasalin: Mahalaga sa lapit na ito ang paggamit ng mga bionym sa bernakular sa diwa ng pangangalaga hindi lang sa mga buhay na nilalang kundi pati sa samut-saring katawagan sa kanila.<sup>33</sup>

Hinalaw ang pamagat ng pag-aaral na ito sa ikatlong tulang isinalin, ang “Tulad ng mga Palmang Sumibol sa Buhangin” (“Como Nacen Las Palmas en la Arena” sa Espanyol, “Like Palm Trees Born in the Sand” sa Ingles). Naibigan ko ang tulang ito dahil lubos nitong ipinamalas ang romantisistang diwa ng modernistang panulat ni Martí. Tingnan, halimbawa, ang mga taludtod na “naghagisan ng apoy ang mga nauulol na bituin” at “nagpapadalisay at nagpapadalisay ang bagyo!” Isinisiwalat ng mga ito ang lubhang pagkamangha ng persona sa bituin at bagyo. Gayunman, “nauulol” ang una at “nagpapadalisay” ang sunod—di ba’t balintuna ang mga ito? Humahango si Martí ng mga teknik mula sa mga batis ng romantisismo at modernismo. Mababanaag ang estilong ito sa paglalarawan ng tula ng mga natural na siklo. Anang persona ng tula, “ginawang maruruming dagat / ang patag na lupa ng mga nagsisiapaw na ilog / na pinahit ng mga dagat: magkakasya / ang buong bayan sa bawat tupi ng dagat.” Maihahambing sa rumaragasang ilog ang daloy ng mga salita sa tatlong

---

33 Darryl Sterk, “An Ecotranslation Manifesto: On the Translation of Bionyms in Nativist and Nature Writing from Taiwan,” in *Chinese Environmental Humanities: Practices of Environing at the Margins*, pat. Chia-ju Chang (Cham: Palgrave Macmillan, 2019), 136, [https://doi.org/10.1007/978-3-030-18634-0\\_6](https://doi.org/10.1007/978-3-030-18634-0_6).

magkakasunod na taludtod. Hindi natutuldukan ang pagbabanyuhay ng mga katawang-lupa at -tubig. Buhat ng estilong ito, makailang-ulit na ginamit ang transposisyon sa pagsasalin. Dagdag pa, nakapag-angkat ng isang salita, ang “tulle.” Gumamit din ng ilang salitang-tapat tulad ng “palma” para sa “palm tree,” “magugulaw” para sa “turbulent,” at “nauulol” para sa “in mad fury.” Subalit, hindi na isinalin ang “pink” patungong “kalimbahin” at ginamit na lang ang salitang-hiram na “rosas” upang makadagdag sa bilang ng mga buhay na nilalang sa tula, at maibalik ang atensyon ng mambabasa sa naunang banggit ng “rosas sa pampang.”

Malinaw sa ikaapat na tulang isinalin, ang “Namumuhi Ako sa Dagat” (“Odio el Mar” sa Espanyol, “I Hate the Sea” sa saling Ingles), ang kritikang antikolonyal ni Martí. Itinatag ng pamagat at ilang mga taludtod ang palaisipan kung bakit namumuhi ang persona sa dagat. Matutuklasan ng mambasasa sa huling saknong ng tula ang ugat ng galit: “Namumuhi ako sa dagat, na pasan-pasan nang walang galit / sa masuyong likod nito ang barko / na sa pagitan ng musika at mga bulaklak ay may dalang diktador.” Nakarating ang barko ng mga mananakop sa pampang na tinatayuan ng persona. Kaysa wasakin ito ng dagat o dalhin sa ibang pampang, matiwasay itong nakapaglayag. Sa kabila nito, sa isang ekokritikal at romantisistang kumpas, ipinaparating ng tula ang patuloy na pananalig ng persona sa siklikal na katangian ng kalikasan. Anang persona, “mabuti ang daigdig, banal ang pag-iral. / At sa kalungkutan mismo makahahanap ng mga bagong rason / para sa buhay.” Makahahanap ng paraan ang buhay upang maalpasan ang hadlang sa pag-iral nito. Bukod sa literal na pagsasalin ng ilang taludtod, sumalalay din ako sa transposisyon sa pagsasalin ng tula. Halimbawa, isinalin ang “Not like the honest fighter, does it await the adversary / On firm ground and with confident chest” bilang “hindi tulad ng tapat na mandirigma, matatag at may lakas ng loob, / naghihintay para sa kaaway.” Isa namang modulasyon ang pagsasalin ko ng “trembles from love / in the arms of the horrible lustful woman” patungong “nayayanig sa pag-ibig / habang nasa yakap ng kakila-kilabot at mahalay na babae.” Nakapaghanap din ng ilang salitang-tapat, tulad ng “buhong” para sa “villain,” “loob” para sa “chest,” at “diktador” para sa “tyrant.” Bagaman nasa mga talasalitaang Filipino ang “tirano” bilang katumbas ng “tyrant,” isinaalang-alang ko ang mambabasang Pilipino sa pagpili ng salitang “diktador.” Pamilyar ang salitang ito sa naturan dahil tiyak na batid niya ang kasaysayan ng Pilipinas sa ilalim ng diktadurang Marcos Sr.

Huli’t ikalimang tula ang “Malungkot na Linggo” (“Domingo Triste” sa Espanyol, “Sad Sunday” sa saling Ingles). Gaya ng “Hatinggabi” at “Tanyag na Isla,” nagsasalita ang persona mula sa lugar na malayo sa kaniyang Inang Bayan. Dito, lantarang natukoy ang Cuba bilang obheto ng pangungulila ng persona. Agad itong naipapahayag sa tula sa tulong ng talinghaga ng ibon: “pinapasan ko

ang sakit na nakikita ng lahat, / isang mapanghimagsik na sakit na bumabasag sa taludtod / at ito ay, o dagat! ang dumadaang kanaway / na naglalayag patungong Cuba sa iyong mga alon!” Kinaiingitan ang ibong kanaway (*Sterna hirundo*) dahil sa kalayaan nitong maglakbay sa pagitan ng mga isla at patungong Cuba, na mahihinuhang pinagmulan ng personang bilanggo. Kinumpara niya ang kaniyang sarili sa walang-lamang sigay, “inutil, baog, basag, at punit-punit.” Sa saling-tulang ito, ginamit ang transposisyon sa ilang linya. Isinalin ang “the bells, the sun, the clear sky / fill me with sadness, and in my eyes” bilang “ang mga kampana, ang araw, ang maaliwalas na langit— / pinupuno nila ako ng kalungkutan, at sa aking mga mata.” Sa kasong ito, sinubukan kong panatilihin ang ritmo ng unang taludtod ng tula na naglilista ng mga bagay sa diwa ng tulang-katalogo. Nilagyan na lamang ng gitling sa pagitan ng dalawang linya upang mapanatili pa rin ang naturang daloy. Nagkaroon din ng modulasyon: isinalin ang “not even a worm / is unhappier than I am” patungong “maski ang uod / ay mas masaya kaysa sa akin” upang maiwasan ang kakatwang “hindi mas masaya.” Panghuli, pumili ng salitang-tapat para sa ilang bionym: “kanaway” para sa “seagull” at “sigay” para sa “shell.” Bagaman maraming maaaring makatumbas sa “shell,” pinili ang “sigay” dahil sa kultural nitong apinidad sa imahen ng bahay o tahanan.

Ibinibuod ng talahanayan 1 ang naging proseso ng pagsasalin mula sa SL patungong TL at ang mga teknik na ginamit, partikular na ang transposisyon, modulasyon, at paghahanap ng salitang-tapat. Hindi na isinama sa buod na ito ang 1) literal na pagsasalin dahil masyadong marami ang pagkakataong nagamit ito at 2) mga hiniram na salita, na nailista na sa naunang talakay. Susundan ang talahanayang ito ng mga saling-tula sa wikang Filipino.

**TALAHANAYAN 1. Buod ng proseso ng pagsasalin ng mga tula**

<b>Tula</b>	<b>SL</b>	<b>Teknik ng pagsasalin</b>	<b>TL</b>
"Midnight" ("Hatinggabi")	in the bellies of birds and beasts new offspring Are coming to life	Transposisyon at modulasyon	sa mga tiyan ng ibon at hayop nag-iipon ng buhay, na isang anyo, ang mga supling
	the good-looking. Graceful rascal who, bare-footed In mud or snow, hawks newspapers or flowers	Transposisyon	ng makisig at magalang na pilyong nakayapak sa putik o niyebe
	Oh, what a shame!	Salitang-tapat	O, nakahihiya!
	in its depths new columns for its		mula sa kailaliman nito ang mga bagong haligi
	the fruits borne by trees are ripening: —		humihinog ang bunga ng mga puno:—
	And I, young clod		At ako, isang kasamá
	I swear to God,		Diyos ko
Not without cause is my heart trembling anxiously	Hindi para sa wala ang puso kong nangangatal		
"Famous Island" ("Tanyag na Isla")	the clouds crowd together	Transposisyon	nagtipon-tipon ang mga ulap
	Where, Christ without a cross, do you place your eyes? Where, oh enemy shadows, where is the altar		Kristong walang krus, saan mo ilalagay ang iyong mga mata? O, mga aninong kaaway, nasaan ang dambana
	The sad man from the rock sees		Mula sa bato, nakikita ng malungkot na lalaki
	birds of ill omen stained in bile, birds of death, spring from their lips.	Transposisyon at salitang-tapat	uusbong mula sa kanilang mga labi ang mga balatiti na may bahid ng apdo, mga ibon ng kamatayan.
	of clear blue	Salitang-tapat	ng bughaw
with each new spin	sa bawat bagong indak		

<b>Tula</b>	<b>SL</b>	<b>Teknik ng pagsasalin</b>	<b>TL</b>
<p>“Like Palm Trees Born in the Sand”            (“Tulad ng mga Palmang Sumibol sa Buhangin”)</p>	The mountains, torn loose, rolled over	Transposisyon	Gumulong sa parang ang mga bundok, naaagnas
	the level lands transformed into turbid seas by overflowed rivers emptied into the seas:		ginawang maruruming dagat ang patag na lupa ng mga nagsisiapaw na ilog na pinahit ng mga dagat.
	a big town could fit into each fold of the sea		magkakasya ang buong bayan sa bawat tupi ng dagat:
	The edges of the wound always remain pink	Transposisyon at modulasyon	Malaong nananatiling rosas ang mga gilid ng sugat
	the boat continues on.	Modulasyon	patuloy pa rin ang barko.
	were now hanging in the blue air		Nakasabit na sa bughaw na langit
	Like palm trees born in the sand,	Salitang-tapat	Tulad ng mga palmang sumibol sa buhangin,
	The turbulent winds in shredded sheets		Gula-gulanit, ang magugulaw na hangin
stars in mad fury shot flames at each other!	naghagisan ng apoy ang mga nauulol na bituin!		



Tula	SL	Teknik ng pagsasalin	TL
"I Hate the Sea" ("Namumuhi Ako sa Dagat")	Not like the honest fighter, does it await the adversary on firm ground and with confident chest.	Transposisyon	Hindi tulad ng tapat na mandirigma, matatag at may lakas ng loob, naghihintay para sa kaaway.
	but life being beautiful, Igneous, varied, immortal		ngunit ang buhay— maganda, nagniningas, nag- iiba-iba, imortal—
	who trembles from love in the arms	Modulasyon	nayayanig sa pag- ibig habang nasa yakap
	if I come upon a villain,  hide my chest.	Salitang-tapat	kung madatnan ko ang isang buhong,  hindi ko itatago ang aking loob.
	that amid music and flowers carries a tyrant.		na sa pagitan ng musika at mga bulaklak ay may dalang diktador.
"Sad Sunday" ("Malungkot na Linggo")	The bells, the sun, the clear sky fill me with sadness,	Transposisyon	Ang mga kampana, ang araw, ang maaliwalas na langit— pinupuno nila ako ng kalungkutan
	A friend came to see me, and asked me myself for me		Isang kaibigan ang bumisita sa akin, at nagtanong sa akin tungkol sa aking sarili
	Not even a worm is unhappier than I am	Modulasyon	Maski ang uod ay mas masaya kaysa sa akin
	the passing seagull  like the shell	Salitang-tapat	ang dumadaang kanaway  gaya ng sigay
	that plucked me from my homeland!		bumunot sa akin mula sa inang bayan.

## ***“Hatinggabi”***

O, nakahihiya!—Niliwanagan ng araw  
ang daigdig: ibinangon ng malawak na dagat  
mula sa kailaliman nito ang mga bagong haligi  
para sa mga pulang barko nito: tinipon ng bundok,  
sa takbo ng taimtim na araw, ang mga bagong butil  
para sa mga haspe at parang nito: sa mga tiyan  
ng ibon at hayop nag-iipon ng buhay,  
na isang anyo, ang mga supling: sa mga sangay  
humihinog ang bunga ng mga puno:—  
At ako, isang kasamá, ang aking tanging nagawa,  
habang lumalawak ang gahiganteng mundo,  
ay ilagak ang sahod ko sa mga palayok dito sa aking bahay!

Diyos ko, marumal akong tao!—Hindi para sa wala  
ang tulog na pinagkait sa mapupungay kong mata!  
Hindi para sa wala ang pag-aatubili ko sa mga lansangan.  
Lasing sa mapait na alak, tulad ng isang naghahanap  
ng lingid na puntod kung saan niya ililibing ang sarili, nang walang  
nakaalam ng kaniyang malaking krimen at kahihyan!  
Hindi para sa wala ang puso kong nangangatal  
tulad ng di-mapakaling puso ng isang kontrabida.

Ang langit, ang langit, na may ginintuang mga mata  
ay nakatingin sa akin, at nakikita ang aking kaduwagan, at inihagis  
ang aking puganteng katawan sa kadiliman  
tulad ng isang baliw at bulagsak na tumakas  
mula sa vigilanteng siya mismo ang may karga!  
Ang daigdig ay pag-iisa! lumalamig ang liwanag!

Saan ako pupunta upang mapawi itong bulkan?  
Saan ako pupunta upang mapatulog ang vigilante?

O, ang uhaw sa pag-ibig!—o, ang puso, nabihag  
ng alinmang nabubuhay sa Sansinukob;  
ng maliit na luntiang uod na kung saan ang dahon  
ng puno ay nagbanyuhay!—ng kulot na haspe  
kung saan ang mga alon ng dagat ay lumapot:—  
ng mga nakakulong na puno na palagi  
akong pinaluluha:—ng makisig  
at magalang na pilyong nakayapak

sa putik o niyebe, naglalako ng diyaryo o bulaklak.  
O, puso,—na sa mahalay na bestida  
nakakikita hindi ng mga gamit panggawa ng ginto, o makakapal,  
masisiba, at maseselang labi,—  
kundi mga baluti para sa labanan, at mga pugon  
kung saan nagbuburo ang unibersal na buhay!—

At ako, ang kawawang ako, bilanggo ng aking hawla,  
pinanonood ko ang kalalakihan sa kanilang dakilang digma!—

### ***“Tanyag na Isla”***

Narito ako, mag-isa ako, gutay-gutay.  
Umuungal ang langit: nagtitipon-tipon ang mga ulap,  
at humihigpit, at nangingitim, at napupunit:  
Pinalibutan ng mga singaw ng dagat ang bato:  
Nilamon ng aking mga mata ang banal na dalamhati at lagim:  
Sa anong layunin, nanggagalaiting Kalikasan,  
sa anong layunin, ang baog na pag-iisang pumapaligid  
sa kaniyang nangungulila at namamatay para sa pag-ibig?  
Kristong walang krus, saan mo ilalagay ang iyong mga mata?  
O, mga aninong kaaway, nasaan ang dambana  
na sa wakas ay nararapat na tumanggap sa aking noo?  
Para kanino ko ibubuhos ang buhay ko?

—Napunit ang lambong: sa nigong puwang  
ng bughaw, tulad ng siyang binubuksan sa mga kambas  
ng tanyag na si Diaz sa batik na kadiliman.  
Mula sa bato, nakikita ng malungkot na lalaki  
sa mayuming pantropikong nayon ang mga kaakit-akit  
na puting batang galante at itim na Venus na kinoronahan  
ng mababango at labisaw na mga bulaklak:  
Sumasayaw sila: sa bawat bagong indak  
nagpaparaya ang lupa sa kanilang maseselang paa  
at kapag ang kanilang mga pagod na labi, binawian ng libog,  
ay nagtagpo, nanginginig, sa mahabang halik,  
uusbong mula sa kanilang mga labi ang mga balatiti  
na may bahid ng apdo, mga ibon ng kamatayan.

***“Tulad ng mga Palmang Sumibol sa Buhangin”***

Tulad ng mga palmang sumibol sa buhangin,  
at ng rosas sa pampang ng maalat na dagat,  
gayon umuusbong mula sa aking sakit ang mga taludtod,  
nangangatal, nagniningas, mabango.

Tulad ng sa dagat, sa ibabaw ng luntiang tubig,  
ang biyak na layag, ang pinutol na palo, bukas  
sa matatakaw na alon sa tagiliran  
pagkatapos ng matinding labanan  
sa hangin, patuloy pa rin ang barko.

Lagim, lagim! Sa lupa at dagat ay wala  
kundi mga langitngit, galaiti, hamog, at luha!  
Gumulong sa parang ang mga bundok,  
naaagnas: ginawang maruruming dagat  
ang patag na lupa ng mga nagsisiapaw na ilog  
na pinahit ng mga dagat: magkakasya  
ang buong bayan sa bawat tupi ng dagat:  
Napundi ang mga bituin sa langit:  
Gula-gulanit, ang magugulaw na hangin  
ay tumakas, bumukas, nagbanggan, at nahulog  
sa isa't isa sa kadiliman:  
Sa kabundukan ng hangin sila ay umalingawngaw,  
uminog sa maiingay na pihit: sa mga ulap  
naghagisan ng apoy ang mga nauulol na bituin!

Pagkatapos ay tumawa ang araw: sa lupa at dagat  
nagningning ang tahimik na kalinawang kasal:  
Nagpapataba at nagpapadalisay ang bagyo!

Nakasabit na sa bughaw na langit  
ang mga lambon ng kumakaluskos na hangin,  
punit-punit sa dakilang ingay,  
nakabitin tulad ng mga malalaking tulle.  
Malaong nananatiling rosas ang mga gilid  
ng sugat pagkatapos ng lunas.  
At, parang isang bata, nilaro, inalog,  
nilansi ng bangka ang mga alon.

### ***“Namumuhi Ako sa Dagat”***

Namumuhi ako sa dagat, maganda lang kapag umuungol sa ilalim ng bumibiyak na kilya ng namamayaning bangka, at tila isang kamangha-manghang demonyo, nasusuklob ng napakalaking itim na kapa.

Yumuyukod ito sa hangin ng gabi,

sa harap ng dakilang mananakop na dumadaan:—

At sa liwanag ng mga bituin, nakakulob

sa mga globong hiyas, sa tulay,

marahang binubuklat ng isang lalaki ang pahina ng aklat.—

Namumuhi ako sa dagat: malawak at patag, pantay at malamig  
Hindi gaya ng madahong gubat na nag-uunat ng mga sanga nito  
na parang mga brasong yayakap sa isang malungkot  
at sugatang nanggaling sa maangas na kalalakihan  
at hindi nagtitiwala sa kabutihan ng buhay.

Hindi tulad ng tapat na mandirigma, matatag at may lakas  
ng loob, naghihintay para sa kaaway.

Ngunit parang makamandag na ahas sa taksil  
na kumunoy. Upang maantig

ang tao tungo sa bertud, maging ang dagat,

maging ang araw, maging ang mismong Kalikasan

ay kinakailangang maging tapat at mamuhay nang marangal.

Kung walang mga palma, walang mga bulaklak, laging tila  
madilim at nilisanang kaluluwa ang Kalikasan.

Tiyak na patay na ako: walang may pakialam.

Kahit ako: ngunit ang buhay—maganda,

nagniningas, nag-iiba-iba, imortal—mahal ko ito.

Hindi naman buhay ang nakasasakit sa akin: nasasaktan ako  
na mabuhay nang hindi nakagagawa ng mabuti. Mahal ko  
ang mga pasakit ko. Sila ay mga marka ng noblesa.

Hindi ko sisisihin ang tadhana

para sa mga sarili kong pasakit, at hindi ko rin lalasunin  
ng sariling kalungkutan ang ligaya ng iba.

Mabuti ang daigdig, banal ang pag-iral.

At sa kalungkutan mismo makahahanap ng mga bagong rason  
para sa buhay, at para sa lubos na kaligayahan,

kasinliwanag ng sinag ng araw, tumatagos.  
Hayaan ang mga hunghang na sabay-sabay mamatay  
dahil itinuturing nila ang luhang dumadaloy  
mula sa kanilang mga mata na mas mabigat at maganda  
kaysa sa bughaw na langit at puspos na dagat.

Namumuhi ako sa dagat, malaking bangkay, malungkot na bangkay  
na tinitirhan ng mga asiwa at matatakaw  
na nilalang; gaya sila ng mga mata  
ng isdang namamatay dahil sa pagod,  
o kaya mga manggagawang nayayanig sa pag-ibig  
habang nasa yakap ng kakila-kilabot at mahalay na babae:—  
Nakita ko ito, at nagsalita tungkol dito:—ang ilan ay duwag  
na walang-imik hinggil sa kanilang nakikita at nararamdaman:  
Hindi ko gagawin iyon; kung madatnan ko ang isang buhong,  
sasabihin ko sa kaniya sa payak na wika: ayan na ang buhong,  
at tulad ng dagat hindi ko itatago ang aking loob.

Ni hindi ko pipigilan, mamaliitin, ang aking sagradong taludtod,  
upang maghabi ng mga rosaryo para sa kababaihan  
at mga maskara ng dangal para sa mga magnanakaw.

Namumuhi ako sa dagat, na pasan-pasan nang walang galit  
sa masuyong likod nito ang barko  
na sa pagitan ng musika at mga bulaklak ay may dalang diktador.

### ***“Malungkot na Linggo”***

Ang mga kampana, ang araw, ang maaliwalas na langit—  
pinupuno nila ako ng kalungkutan, at sa aking mga mata  
pinapasan ko ang sakit na nakikita ng lahat,  
isang mapanghimagsik na sakit na bumabasag sa taludtod  
at ito ay, o dagat! ang dumadaang kanaway  
na naglalayag patungong Cuba sa iyong mga alon!

Isang kaibigan ang bumisita sa akin, at nagtanong  
sa akin tungkol sa aking sarili; walang natira sa akin  
maliban sa repleksyon ng sarili ko, gaya ng sigay  
sa pampang na may laman pa ring tubig-alat.  
Sigay ako ng aking sarili na sa banyagang lupain  
na pumipihit ayon sa kalooban ng malupit na hangin.

Inutil, baog, basag, at punit-punit.

Tila mga bundok ang kalalakihan; ang mabangis,  
yumuyugyog, ang humihiyaw, ang marubdob na teatro  
ng buhay na pumapaligid sa akin na parang tanawin  
ay mula sa ibang mundo. Maski ang uod  
ay mas masaya kaysa sa akin: sa kaniya ang hangin  
at ang putik kung saan siya mamamatay.  
Ramdam ko ang sipa ng mga kabayo, ramdam ko  
ang gulong ng mga kariton, hinaplos ko  
ang hiwa-hiwalay kong piraso. Hindi na ako buhay: hindi na  
mula noong itinaas ng malalang barko ang mga angklang  
bumunot sa akin mula sa inang bayan.

### Tungo sa arkipelahikong pagsasalin

Sumusunod ang proyektong ito sa mga nauna nang salin ng mga akdang pampanitikang Hispanoamerikano nina Otto Rene Castillo, E. San Juan Jr., Jess Santiago, Karina Constantino-David, Maria Luisa Torres-Reyes, Marvin Lobos, at marami pang iba. Sa aking pagsasalin ng mga tula ni José Martí, ginamit ko ang mga teknik na iminumungkahi nina Vinay at Darbelnet upang mapanatili ang yaman ng “tekstura ng wikang Filipino,” lalo na ang natatanging alingawngaw ng tunog sa pagpapakahulugan.<sup>34</sup>

Sapagsasalin ng mga tulang ito, nakapaglalayag patungo sa mga pampang ng Pilipinas ang diwang makabayan, makakalikasan, at antikompanyal ng panulat ni Martí. Malay sa “cultural residues” ng pagpapalitang galeon sa pagitan ng Maynila at Acapulco, iminumungkahi ng kritikong si Paula C. Park na paglimihan ang produksiyong pampanitikan ng Cuba at Pilipinas sa komparatibong lente: “read Philippine literature in Spanish alongside Spanish American literature, and not within the categories of ‘Spanish American’ or ‘Spanish’ literature.”<sup>35</sup> Sa madaling sabi, hindi muwestra ng homogenisasyon ang pagpukol ng atensyon ng Pilipinong mambabasa sa panitikang Hispanoamerikano. Kumpas ito ng pagpapalitaw ng interkolonyal na ugnayan na maaaring naisantabi, o binura pa nga, ng namayaning kolonyal na sistema.

Higit pa rito, sa pamamagitan ng eko-pagsasalin, nailalantad hindi lamang ang pang-ibabaw na pagpapakahulugan ng mga tula kundi pati na rin

---

34 Baquiran, “Migrasyon at Pagsasalin,” 209.

35 Paula C. Park, “Transpacific Intercoloniality: Rethinking the Globality of Philippine Literature in Spanish,” *Journal of Spanish Cultural Studies* 20, blg. 1–2 (2019): 86, <https://doi.org/10.1080/14636204.2019.1609236>.

ang pagpapahalagang pangkalikasan na maaaring maging batayan ng isang etikang ekolohikal. Gaya ng binigyang-diin ni Ulit,

hindi lámang simpleng tagasalin mula isang wika tungo sa isa pa ang papel ng [eko-tagasalin], kundi nása kaniya ang napakalaking oportunidad upang maipamalay sa mambabasa na may mga balakid kung bakit patúloy na nalalagay sa alanganin ang kalikasan o ang mundo sa kabuoan sa kabila ng mga pagsisikap ng iba't ibang institusyon, kasama na ang pamahalaan na iligtas ito sa tuluyang pagkasira.<sup>36</sup>

Sa pagsasalin ng mga tulang arkipelahiko ni Martí, nailalantad hindi lamang ang pagkaaba ng rebolusyonaryong makata sa mga natural na siklo (na naipapahiwatig niya sa pamamagitan ng estilong naghuhugpong ng romantisista't modernistang diwa). Naituturul din ang kolonyalismo bilang salot sa kalikasan at mga nilalang dito. Matingkad sa ilang tula kung paanong ang pagkabilanggo ng mga persona ang naghihiwalay sa kanila sa patuloy na pag-ikot ng daigdig, mga natural na siklong nagsisindi ng pagkamangha sa tao. Sa ibang tula naman, nakatutulong ang iba't ibang buhay na nilalang, tulad ng palma, rosas, balatiti, kanaway, at iba pa, sa pagpaparating ng kritikang antkolonyal.

Saganitong diwa, maaaring unawain ang pagsasaling may arkipelahikong oryentasyon hindi bilang payak na pagpapalit ng wika kundi isang proseso ng pag-iral sa gitna ng maraming wika.<sup>37</sup> Dito, hindi pumapagitan ang salin. Sa halip, naglalayag ito sa mga umiiral nang ugnayan ng mga wika sa daigdig. Tiyak na makapag-aambag ang mga Pilipinong tagasalin sa proyekto ng pagsasaling arkipelahiko. Kung tutuusin, araw-araw tayong naglalayag sa isang arkipelago ng mga wika.

---

36 Ulit, "Ang Posibilidad," 124.

37 Roberts, "Archipelagic Translation," 113.



## BIBLIOGRAPIYA

- Baquiran, Romulo P. "Migrasyon at Pagsasalin: Pagsasa-Ingles ng Apat na Tulang Migrante sa Filipino." Sa *Introduksiyon sa Pagsasalin: Mga Panimulang Babasahin Hinggil sa Teorya at Praktika ng Pagsasalin*, pinamatnugutan ni Virgilio S. Almario, 203-218. Komisyon sa Wikang Filipino, 2015.
- Blanco, John D. "Bastards of the Unfinished Revolution: Bolívar's Ismael and Rizal's Martí at the Turn of the Century." *Radical History Review* 89, blg. 4 (2004): 92-114.
- Braun, Paul F. "Found at Sea: José Martí's 11-Day Odyssey and Cuba's War of Independence." *The Historian* 74, blg. 3 (2012): 495-527.  
<https://www.jstor.org/stable/24455912>.
- Coroza, Michael M. "'Taksil daw ang Tagasalin?' Isang Pag-unawa sa Pagsasalin bilang Disiplina." *Katipunan*, "Filipino Bilang Disiplina," blg. 1 (2016): 1-17.
- Geronimo, Jonathan Vergara. "Pang-agkin sa Politika at Poetika ng Piling Tula ni Nicolas Guillen sa Karanasang Pilipino: Isang Pagsasalang Ideolohiko." *Malay* 28, blg. 2 (2016): 12-30.
- Glissant, Édouard. *Poetics of Relation*. Isinalin ni Betsy Wing. University of Michigan Press, 2010.
- Hagimoto, Koichi. *Between Empires: Martí, Rizal and the Intercolonial Alliance*. Palgrave Macmillan, 2013.
- Jun, Wang. "Translator's Subjectivity in Eco-Translatology." *Journal of Critical Studies in Language and Literature* 1, blg. 3 (2020): 14-19.  
<https://doi.org/10.46809/jcsll.v1i3.24>.
- Lobos, Marvin M. "Mga Saysay ng Nalalabing Tagulaylay sa Malayo: Salin ng mga Piling Tula mula sa Carribean at Latina Amerika." *Mabini Review* 12, blg. 1 (2023): 233-260.
- Matibag, Eugenio. "El verbo del filibusterismo: Narrative Ruses in the Novels of José Rizal." *Revista Hispánica Moderna* 48, blg. 2 (1995): 250-264.
- Martí, José. *Free Verses/Versos Libres*. Pinamatnugutan at isinalin ni Keith Ellis. Instituto Cubano del Libro, 2016.
- Montero, Oscar. *José Martí: An Introduction*. Palgrave Macmillan, 2004.

- Park, Paula C. "Transpacific Intercoloniality: Rethinking the Globality of Philippine Literature in Spanish." *Journal of Spanish Cultural Studies* 20, blg. 1–2 (2019): 83–87. <https://doi.org/10.1080/14636204.2019.1609236>.
- Roberts, Brian Russell. "Archipelagic Translation: Mobility amid Every Language in the World." *Journal of Transnational American Studies* 14, blg. 1 (2023): 111–135. <https://doi.org/10.5070/T814160728>.
- Rosa, Alexandra Assis, Hanna Pięta, at Rita Bueno Maia. "Theoretical, Methodological and Terminological Issues Regarding Indirect Translation: An Overview." *Translation Studies* 10, blg. 2 (2017): 113–132. <https://doi.org/10.1080/14781700.2017.1285247>.
- Scott, Clive. "Translating the Nineteenth Century: A Poetics of Eco-translation." *Dix-Neuf* 19, blg. 3 (2015): 285–302. <https://doi.org/10.1179/1478731815Z.00000000083>.
- Skirius, John A. "José Martí's Youthful Romanticism (1875–1876)." *Mester* 7, blg. 1 (1978): 53–60.
- Sterk, Darryl. "An Ecotranslation Manifesto: On the Translation of Bionyms in Nativist and Nature Writing from Taiwan." *Sa Chinese Environmental Humanities: Practices of Environing at the Margins*, pinamatnugutan ni Chia-ju Chang, 119–140. Palgrave Macmillan, 2019. [https://doi.org/10.1007/978-3-030-18634-0\\_6](https://doi.org/10.1007/978-3-030-18634-0_6).
- Sterngass, Jon. *José Martí*. Chelsea House Publishers, 2007.
- Sy, Jose Monfred. "'Ang Bahaging Ginampanan ng Paggawa sa Transisyon mula Unggoy patungong Tao' (1876) ni Friedrich Engels: Isang Di-tuwirang Eko-salin." *SALIN Journal* 2, blg. 1 (2023): 61–79.
- Torres, Maria Luisa F. "The Philippine-Cuban Literary Relations." *Kultura: A Quarterly Forum for Artist, Critic and Audience* 2, blg. 3 (1989): 24–27.
- Ulit, Claudette M. "Ang Posibilidad at Hanggahan ng Ekosalin: Isang Pagbabalangkas at Paglalapat ng Nababagong Teorya sa Larangan ng Pagsasalin." *Daluyan* 29, blg. 2 (2023): 121–136.
- Vinay, Jean-Paul, at Jean Darbelnet. *Comparative Stylistics of French and English: A Methodology for Translation*. Isinalin nina Juan C. Sager at M.-J. Hamel. John Benjamins B.V., 1995.
- Washbourne, Kelly. "Nonlinear Narratives: Paths of Indirect and Relay Translation." *Meta: Translators' Journal* 58, blg. 3 (2013): 607–625.

## TALA SA MAY-AKDA

Si **Jose Monfred C. Sy** ay kasalukuyang doktoradong mag-aaral sa Department of Comparative Literature, the University of Hong Kong, Hong Kong SAR. Siya rin ay katuwang na propesor ng araling Pilipino sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Dito siya tumanggap ng Master sa Arte (Araling Pilipino) at Bachelor of Arts (Comparative Literature), summa cum laude. Isa siya sa mga editor ng *Suring Supling: Kalipunan ng Rebyu ng mga Akdang Pambata sa Pilipinas* (UP Sentro ng Wikang Filipino, 2022), *Mula Palengke Patungong Paaralan: Critical, Nationalist, and Democratic Pedagogy in the Philippines* (IBON Foundation, 2024) at *Reimagining Development in Southeast Asia: Alternative Practices from the Grassroots and Social Movements* (Springer, 2025). Nailathala ang ilan sa kaniyang pag-aaral hinggil sa mga kilusang panlipunan, ekokritisismo, at panitikang pambata sa mga dyornal tulad ng *Kritika Kultura*, *Humanities Diliman*, *Social Science Diliman*, *Daluyan*, *Akda*, *Dalumat*, *Suvannabhumi*, *AlterNative*, at *Philippine Studies*. Siya rin ay nagsusulat at nagsasalin ng mga aklat pambata. Kasapi siya ng Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND) at Alliance of Concerned Teachers (ACT) Philippines.